

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 ng Enero 2020

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Pinakamabagal na paglago ng output simula noong Setyembre 2017

Key findings

Tumaas lang nang kaunti ang produksyon sa kabila ng mga isyu sa supply

Nanatiling tuloy-tuloy ang paglago ng bagong order sa pagtaas ng mga benta sa ibang bansa

Humina malapit sa pinakamababang naitala ang mga inaasahan sa output

Patuloy na lumakas nang bahagya noong Disyembre ang mga kundisyon ng negosyo sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, kasabay ng patuloy na paglago ng demand at pagdami ng mga export mula Nobyembre. Gayunpaman, pinigilan ng mga kakulangan sa supply at isyu sa trapiko ang pangkalahatang paglago, kasabay ng pagtaas ng produksyon sa pinakamabagal na rate sa mahigit dalawang taon. Dahil dito, hindi natugunan ang mga inaasahan sa output, kahit muling lumawag ang pagbibigay ng trabaho.

Tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa 51.7 noong Disyembre mula 51.4 noong Nobyembre, na nagpapahiwatig ng isa pang bahagyang pag-unlad sa mga kundisyon ng pagmamanupaktura na tumutugma sa pangkalahatang sitwasyon ngayong taon.


Bahagi ng pag-unlad ay bunsod ng tuloy-tuloy na pagtaas sa mga bagong order na natatanggap ng mga Pilipinong nagmamanupaktura, kasabay ng kaunting pagbilib ng paglago noong Nobyembre. Kasabay ng malawakang pagtaas sa mga benta, nakapansin ang mga kumpanya ng kaunting pagtaas sa bagong trabaho mula sa mga dayuhang kliyente, at ito pa lang ang ikalawang buwanang paglawak sa loob ng pitong buwan.

Sa parehong pagkakataon, pinalago ng mga manufacturer ang pagmamanupaktura nang kaunti lamang, kasabay ng pagbagal ng paglago sa pinakamababang naitala sa loob ng 27 buwan. Bagama't nakatulong ang mas malalakas na benta sa mga negosyo na mapalawak ang pangkalahatang output, binanggit ng ilang kumpanya na ang produksyon ay nabawasan ng mga pagkaantala sa mga paghahatid ng input at hirap sa pagkuha ng mga raw material. Muli, isang pangunahing salik ang mga isyu sa trapiko na nakakaapekto sa mga oras ng paghahatid ng supplier, bagama't sinabi ng mga panellist na nag-ambag din sa pagbagal ang mga bagyo at sikip sa daungan sa Maynila.

Nangangahulugan ang paglago ng output na hindi gaanong positibo ang mga negosyo pagdating sa inaasahang produksyon sa susunod na taon. Ang antas ng pagiging positibo ang isa sa mga pinakamahina sa kasaysayan ng serye. Ngunit sa pangkalahatan, umaasa pa rin ang mga firm na lalawak ang output sa susunod na 12 buwan, na binibigyang-diin ang malalakas na paglago ng mga benta at mga imprastrakturang

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nanatili sa halos tuloy-tuloy na posisyon noong Disyembre ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, kung saan naitala ang headline na PMI na 51.7, na tumutugma sa average para sa 2019. Patuloy na nagtala ang sektor ng malakas na paglago ng bagong order, bagama't mas mabagal ito kaysa sa nakita noong isang taon.

"Gayunpaman, mas kapansin-pansin para sa mga nagmamanupaktura ang malililaw na isyu sa panig ng supply na nakakapigil sa output. Nananatiling pangunahing paksa sa mga alalahanin ng mga negosyo ang dumaraming pagsikip ng kalsada at pantalan. Inanunsyo ng pamahalaan ang programa nitong "Build, Build, Build" para tugunan ang problema na inaasahan ng ilang kumpanya na magpapababa sa mga balakid sa chain ng supply. Gayunpaman, sa ngayon, nalilimitahan ang produksyon, at maaaring manatiling ganito hanggang sa matugunan ang mga isyung ito."

proyekto ng pamahalaan bilang mga dahilan para maging kampante.

Muling dumami ang pagbibigay ng trabaho sa sektor ng mga produkto, bagama't kaunti, sa katapusan ng taon. Tinukoy ng mga miyembro ng panel na dahil ito sa mas maraming bagong order. Samantala, patuloy na nabawasan ang mga backlog, at bagama't bumabagal ang mga pagpapadala ng mga input, nakakita ang mga kumpanya ng maliit na epekto sa pagpapadala ng mga natapos na produkto.

Dumami rin ang pagbili ng input noong Disyembre, bagama't pinakamabagal ang paglago sa nakaraang sampung buwan, at bahagya lang. Gayunpaman, nakatulong ito sa mga manufacturer na mapalawak ang mga stock ng parehong mga produkto bago at pagkatapos ng produksyon.

Nag-ambag ang mas kaunting demand para sa mga input sa pagbagal sa pangkalahatang inflation ng presyo ng input, kasabay ng pagtaas ng mga halaga na pinakamabagal simula noong Hulyo. Nagmahal ang ilang raw material, na madalas na iniuugnay ng mga panellist sa kakulangan sa supply.


Pagkatapos nito, tinaasan ang mga average na singil na itinakda ng mga Pilipinong nagmamanupaktura, bagama't mababa lang. Iniuugnay ng ebidensya batay sa mga pahayag ang pagtaas sa mas maraming demand o mga produkto at mas malalaking pasaning gastos.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabay.

Ang data ng Disyembre 2019 ay nakolekta noong 5-16 Disyembre 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.